# BANTAY BALITA

NEWS PUBLISHING SERVICES

YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 13 10.00 DEC. 26, 2022 - JAN. 1, 2023


# PBBM vetoes labor, education, tourism budget provisions

See p.7

**BANTAYBALITA Staff –** Three provisions in the P5.268-trillion national budget for 2023 were turned down by President Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr. Malacañang announced on Wednesday, December 21.

The Office of the Press Secretary (OPS) said the Chief Executive vetoed provisions in the budget of the Department of Labor and Employment (DoLE), Department of Education (DepED) and the Department of Tourism (DOT).

The provisions were rejected by PBBM for they "are not related to the newly approved appropriations and could amend substantive laws," said the OPS.

Citing Section 65 of Presidential Decree 1445 (Government Auditing Code of the Philippines), the President rule out to grant authority to a commission of the




# Lokal na mga opisina ng Nat'l offices sa BCG Center: Serbisyong Strike 1

See p.2

**ni DOMZ B. CAOILE –** Sa layuning makapagbigay ng todong-serbisyo sa Bacooreno at kapwa kababayang Caviteno, sa inisyatibo ni Mayor Strike B. Revilla, naitayo na ang ilang satellite office ng national government at binuksan na sa publiko.

Ang ilan ay kinukumpleto na at kung papalarin, sa una o ikalawang linggo ng Enero 2023, mabubuksan na sa publiko ang iba na itinayo sa paligid ng punong gusali ng Bacoor City Government (BCGC) Center.

Sa social media post ng Management Information Service (MIS) ng siyudad, ipinakita na binisita nina Doc. Bob de Castro, kasama si Engr. Sheila Garcia, Architect Con de Castro at iba pang kawani ng lokal na pamahalaaan upang makita ang progreso ng kinukumpletong satellite offices sa paligid ng punong gusali ng Bacoor City Government Center (BCGC).

Ayon sa MIS, kasama sa kinukumpletong ayusin ang mga opisina na tinatawag na Strike sa Serbisyo Satellite Offices, tulad ng Office of the Building Official (OBO), Business Permit Licensing Department (BPLD), City Treasurer's Office (CTO), City Assessors Office (CAO), City Tourism Office (CTO), Office of the Senior Citizens Affairs (OSCA), Management Information System (MIS), at City Health Office (CHO).

Nasiyahan ang mga opisyal ng siyudad sa nakitang magandang pagkatayo ng mga satellitte offices ng BCG, pati ang mga lokal na opisina ng Department of Social Welfare and Development (DSWD),, Department of Labor and Employment (DoLE), Philippine National Police (PNP), National Bureau of Investigation (NBI), PhilHealth, Public Attorney's Office (PAO), Integrated Bar of the Philippines (IBP); at Philippine Statistic Administration--National ID (PSA-National ID).

See page 2







# SIM CARD REGISTRATION, NAGSIMULA NA!

See p.6

# Sobra o kulang sa sex, hindi basehan sa marriage annulment: SC

See p.7

**BANTAYBALITA Desk –** Binibigyan ng lubos na proteksiyon ng estado ang kabanalan ng kasal at hindi ito basta lang maaaring pawalang bisa sa dahilang may kinalaman sa sex.

Sa desisyon ng Supreme Court na inilabas, Miyerkoles, Dis. 21, tinanggihan nito ang petisyon sa reklamo ng isang lalaki tungkol sa asawa niyang sobrang mahilig sa pakikipagtalik.

Masyado raw mareklamo ang misis niya kapag hindi niya nagagampanan ang tungkuling paligayahin sa pagsiping at dahil dito, nais niyang hiwalayan at pawalang bisa ang kanilang kasal.

Sa desisyong sinulat ni Associate Justice Ramon Paul Hernando, ito ang sinabi ng SC: "As marriage is the foundation of the family and an inviolable social institution. It is protected by the State and cannot be easily dissolved at the whim of the parties."

Pundasyon ng pamilya ang kasal at hindi ito basta-basta mabubuwag at ito ay pinoprotektahan ng Estado.

Kung dahil lamang sa kapritso o nais lamang ng mga mag-asawa na tunawin, hindi makapapayag ang Estado, sabi ng SC.

Kailangang magpakita ng napakabigat na dahilan at katunayan ang isang nais pawalang bisa ang kasal, bago ito payagan ng

*Sundan sa p.7*

# Ex-pontiff Benedict XVI 'very ill'

**VATICAN City —** Pope Francis said Wednesday that former pontiff Benedict XVI, 95, whose health has steadily been deteriorating, is "very ill" and he is praying for him.

"I would like to ask all of you to pray a special prayer for Pope Emeritus Benedict," Francis said at the end of his general audience.

He called on people to "remember him, because he is very ill, asking the Lord to console and support him."

The Vatican on Wednesday confirmed that the health of the ex-pontiff has worsened in the last few hours and he had been visited by Pope Francis.

"I can confirm that in the last few hours there has been a deterioration due to advancing age. The situation at the moment remains under control, monitored continually by doctors," spokesman Matteo Bruni said in a statement.



**former pontiff Benedict XVI**

Benedict, who in 2013 became the first pontiff to resign in six centuries, has almost entirely withdrawn from public view.

# Pag-asa ng bayan, makabayang kabataan





*Malasakit sa kapwa, malasakit sa bayan: Ipinayo ni Mayor Jonjon Ferrer sa mga kabataan.*

**ni LOD BELTRAN –** Nitong nakaraang taon, Disyembre 19, 2022, mahigit na 900 kabataang lider mula sa iba-ibang paaralan at samahan ng kabataan ang nagtipin sa General Trias City sa pangangasiwa ng pamahalaang lungsod ng General Trias.

Naniniwalang totoo na nasa kabataan ang pag-asa ng bayan, tulad ng pagtitiwala ng ating pambansang bayani, Dr. Jose Rizal, matagumpay na naidaos sa nasabing siyudad ang 10th Youth Leaders Summit.

Sa pagtitipong ito, tinalakay ang mahahalang isyu na hinaharap ng bansa sa kasalukuyan at ano ang mga maaaring maiambag ng lakas, talino at kakayahan ng mga kabataan Pilipino.

Hinikayat ni GenTri Mayor Jonjon Ferrer ang mga kabataan na ituon ang



panahon sa pag-aaral, at maging mahusay na katuwang ng pamahalaan para mapagaang ang buhay ng pamilyang Pilipino.

Ipinaalaala ng alkalde ang kahalagahan ng edukasyon upang matamo ng mga kabataan ang pinapangarap sa buhay at gamitin ang natutuhan at mga karanasan hindi lamang sa pansariling pangarap kungdi ang maging magagaling na lider ng bayan sa darating na panahon.

"Malasakit sa kapwa, malasakit at pagmamahal sa ating bayan. Iyan ang mahalagang dapat nating isipin lagi at ito ang kapakanan ng sambayanan," sabi ni Mayor Ferrer.

Kabilang sa nagbigay ng magagandang mensahe at inspirasyon sii Brother Arun Gogna tungkol sa pagmamahal sa pamilya, sa bayan at sa pananalig sa Amang Diyos, higit sa lahat.

# Lokal na mga opisina...

*from page 1*

Nabatid ng BantayBalita na kasama sa plano ni Mayor Strike na magkaroon ng satellite office ang Social Security System (SSS), Home Development Mutual Fund (HDMF) na mas kilala sa tawag na PagIBIG fund, at National Labor Relations Commission (NLRC) sa BCGC

Ayon sa MIS, pati ang mga dumadayong indibidwal mula sa Metro Manila na may transaksiyon sa pamahalaang lungsod ay makikinabang sa oras na makumpleto at mabuksan sa publiko ang mga satellite offices sa BCGC.

Samantala, nitong nakaraang Disyembre 20, maraming residente ng siyudad at iba pang lokalidad ang nakinabang sa ginanap na serbisyong Mini City Hall sa Filinvest LifeMalls.

Isa itong one-stop services ni Mayor Strike na tinawag na Strike sa Serbisyo Satellite Office para sa mga indibidwal at kompanyang kailangan ng mga clearances, transaksiyon at nilalakad sa mahahalagang ahensiya ng gobyerno tulad ng DoLE, SSS, DSWD, PNP, NBI, PAO, PSA, PagIBIG, NLRC, at PhilHealth.

Ang aktibidad ay sa nangyari sa tulong ni Ms. Dorinda Ricalde, general manager ng Filinvest LifeMalls Main Office na sinaksiyan din ni Bacoor City Vice Mayor Rowena Bautista-Mendoza, Cavite 2nd Dist. Congw. Lani Mercado-Revilla, Agimat partylist Cong. Bryan Revilla at iba pang opisyal ng pamahalaang lungsod./via Eli Taparan II




**CAVITE CITY–** Nagsipagtapos ang mahigit 60 mag-aaral mula sa iba't ibang sektor na sumailalim sa General Virtual Assistance Training Program (GVATP) ng pamahalaang lungsod, katuwang ang Department of Information and Communications Technology (DICT) Martes, Disyembre 20, 2022.

Kapwa binalikat ng DICT at DigitalJobsPH ang nabanggit na programa katuwang ang pamahalaang lungsod sa layuing mabigyan ng karagdagang kaalaman at kasanayan na magagamit sa hanapbuhay ng 60 indibidwal na nagtapos sa idinaos na GVTAP.

Sinabi ni Mayor Denver Reyes Chua na ang kaalamang natutuhan ng mga nagsipagtapos ay magbibigay sa kanila ng magandang oportunidad na agtrabaho kahit sila ay nasa bahay lamang.

Mayroon nang kani-kaniyang trabaho ang ilan sa mga nakatapos sa nasabing programa, dagdag ng alkalde./via RUEL FRANCISCO-Philippine Informa-tion Agency-Cavite, City Government of Cavite

# Happy Birthday po, Mayor AA; Happy Birthday To Me!



REVANZE

by Domz B. CAOILE

TODAY, as of press time, Dec. 28. and before, I greet myself, gusto ko munang batiin ng "Maligayang-maligayang kaarawan" ang ating dating 3rd Cavite District Congressman, now our 24/7 Imus City Mayor Alex 'AA' Advincula.

From the entire editorial desk of BantayBalita, "Happy birthday po. Mayor AA. First, thank you po, for your serivce to our nation and to our great City of Imus.

"You are an inspiration to our kababayan and to our youth, who aspire to become a political leader like you, Mayor Advincula.

"A recipient of your scholarship program said: 'Mayor AA is a fantastice role model for all those seeking to serve the people.'

"Maraming-maraming salamat po sa mga programa at proyekto nyo mula nang manungkulan kayo na aming kongresman, at ngayon na kayo ay aming alkalde, we thank you in advance sa mga proyekto at mga serbisyo na inyong ipinatutupad sa aming Imuseno and again, Thank You Po, for having such a positive impact to us, your constituents. God bless po."

@@@

Those who would dare to ask me, ilang taon na ako, grrrr: basta, batambata pa, hehehe at malayo pang maging senior citizen.

I was born Dec. 29 --- and I am really surprise, I made it this far, despite the many failed attempts to be a millionaire and now, struggling again to become even a 900,000-peso richer.

This day is my more than ten years as a practicing mediaperson and I cannot claim to be a proficient one, and thanks to my Bro. Boss Eli Taparan, our consultant and veteran publisher and editor of many daily newspapers and magazines, he is so mabait to mentor me.

To my family, relatives, brothers and sisters in the faith, mga kapwa mamamahayag who greeted me a day earlier at sa mga bumabati ngayon sa akin sa FB at messenger at sa mga tumatawag sa aking mobile phone number, maraming-maraming salamat po.

Sa aming mga bagong kaibigan at sponsors ng weekly paper, BantayBalita, thank you po sa inyong suporta at pagtitiwala, at sana makatawid kami sa maraming problema sa pamamahayag, at sa inyong mga panalangin, this paper will continue to serve our people.

Yes, happy birthday to me.

At tulad ng madalas, sabihin ni Boss Eli, binabati ko ang sarili ko ng : Maligayang kaarawan, at maluwalhating pagtanda pa, at sana, I reach 90 and one.

Teka, sa mga magpapadala ng gifts, hehehe, maghihintay po ako.

Hindi po ito joke, kasi sa totoo lang, walang-wala, dugyot ako at walang kayang magbigay ng blowout sa mga katropa.

Kayo na lang kaya ang magbigay ng 'birthday party' sa akin, hehehe.

God bless us all, at sa mga babati pa, mag-message lang sa akin, at sa email ko: domzcaoile@yahoo.com.

Happy New Year.



# Send in your comments to sarfia926@gmail.com



SA TOTOO LANG!

by GENE T. TAN

WOW, maganda ang pasok ng 2023 sa mga kababayan nating taga-GMA (Gen. Mariano Alvarez) na ngayon ay may trabaho na sa South Korea (SoKor), at marami pa ang pwedeng magkatrabaho roon.

Last year, nagkaroon ng memorandum of understanding ang Paju City at GMA na doon, ang mga kuwalipikadong indbidwal ay mabibigyan ng trabaho sa SoKor, courtesy ni Paju City Mayor Kyungil Kim.

Sa MOU, sa pamamagitan ng rekomendasyon ni GMA Mayor Maricel E. Torres, matapos ma-qualified sa interview at ma-assess ang skills and experience ng isang aplikante, maipadadala ang nais magtrabaho sa Paju City.

'Yan ang maganda pag nanay ang mayora, kasi, kapakanan ng kanyang constituents ang nasa isip lagi, at balita natin, marami nang nasa Paju City ngayon at may susunod pang batch na mga qualified applicants.

Sana ang ibang LGUs sa Cavite ay may ganito ring programa para ang mga 'jobless' pero skilled workers ay magkatrabaho sa SoKor.

@@@

I want your comments, dear readers tungkol sa nakikita at nararandaman nyong ginagawa ngayon ng bagong administrasyon ni Presidente Marcos Jr.

May nagsasabi, walang excitement, di tulad ng panahon ni dating Pangulong Rodrigo Duterte na araw-araw, may pasabog, may intriguing news development.

Kung maka-China si Tatay Digong, si PBBM daw naman ay mak-US na iba sa taktika ni Presidente Marcos Sr. na ang foreign policy ay independent at hindi maka-US kungdi mas malapit sa kapwa natin Asian countries, like China, Libya, and other Middle East countries.

Send in your comments to my email: sarfia926@gmail.com.

@@@

At the City of Bacoor, 'yung mga may kapansanang tulad ng bingot (cleft lips) o may diperensiya sa bibig at iba pang kapansanan na kailangan ang operasyon, may magandang pam-Bagong Taon handog si City Mayor Strike B. Revilla.

Inianunsiyo ni Mayor Strike na katuwang ng Bacoor City Health Office office at ng Philippine American Group of Educators and Surgeons (PAGES), maglulunsad sila ng isang medical mission and free surgery.

Sa inisyatibo ni Mayor Strike sa magbibigay ng libreng operasyon ang mga doktor ng PAGES na tinawag nila na Operation Hope at ito ay gagawin sa loob ng limang araw, mula Pebrero 5-10, 2023 sa Southern Tagalog Regional Hospital.

Sa mga Bacooreno na kailangan ng ganitong medical services, aba, samantalahin na nyo ito, at makipag-ugnayan kayo sa PAGES Mission Coordinators: Mr. Benz Cueto, Mr. Willie San Diego, Mr. Larry Figueras Jr., at kay Ms. Volet San Diego sa mga sumusunod na mobile phone numbers: 09953094085, 09275530333, 09453743107.

Strike talaga sa serbisyo si Mayor Revilla!

Happy holidays po, ingat ngayong New Year celebrations.



*Bago natapos ang 2022, lumipad patungong South Korea ang masuwerteng residente ng GMA na magtatrabahong seasonal farmers sa Paju City. Ang job opportunities na ito ay bunga ng MOU ng city government of Paju at ng local government of General Mariano Alvarez sa pamumuno ni Mayor Maricel E. Torres (inset photo).*

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1, Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369

**Publisher:** HENRY E. CAOILE
**Editorial Consultant:** ELI TAPARAN II
**Executive Editor:** DOMZ B. CAOILE
**Special Projects Director:** ADELA R. ZAMORA
**Circulation Manager:** LIZA FE BONETE
**Contributing Writers:** NOLI LIWANAG, LUKAS DA SILVA, GENE T. TAN, ED 'MUTO' G. CUENCA
**Batangas Correspondent:** JOSE ALEX MASBAÑO
**Art & Production Manager:** ART BEJASA

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

# The Cadiz Couple Renews Wedding Vows













By DOMZ B. CAOILE -- On December 28, 200, Michelle Villaluna and Allan Cadiz were married.

On that beautiful day, the young couple so deeply in love with each other exchanged marriage vows in a holy matrimony celebrated by a Judge.

The 23- year old Allan then utterred to his 20-year old beautiful bride:

"Today, again and wll never get tired to affirm to you that I love you so much, as I invite you to share my life.

"You are the most beautiful, smart and caring person I have ever known and I promise to always respect you, and with the Almighty God as our witness, I will work this marriage to be filled with kindness, unselfishness and trust, and we will create a wonderful family and life together. With this ring, I wed you to be my wife."

The awesome bride, responded with a gleefull heart and said:"

" I take you as my husband, to share the good times and hard times, side by side, and I humbly give you my hand and my heart as I pledge to you my faith and love to you.

"The ring you gave me and this ring that I give you today is a symbol of our love eternal and our symbol of lifetime commitment to both of us to live and love, till death do us apart, my dear beloved husband."

After 21 years, through the many trials and tribulations, failures and successes working together in health and sicknesses, in good times and bad times, Michelle and Allan with God's grace and love, two awesome kids, now young adults were born to them.

Again on December 28,2022 at the Saklolo Parish Church, in front of Rev. Father William T. Bustamante, OFM, Jessica wore a beautiful wedding dress, and Allan wore a handsome suit decided to renew their vows for their 21th wedding anniversary.

This time, they had with them their kids, relatives, friends and employees of AWS Alffejen Water Services, Allan and Jessica Cadiz reaffirmed the pledge they made 21 years ago, each answering "I do."

With a cheerful audience the couple then turned toward each other and repeated their vows phrase by phrase.

Allan, who is filled with emotions and said to Jessica: " To you, my love, I do love you more than before," and hearing these words, Michelle get a little teary-eyed.

Allan, who is a retired seaman and Jessica a nurse and businesswoman, exchanged rings as symbols of the promises they made to each other, and the witnesses to their renewal of wedding vows after reciting the Lord's Prayer, shouted a round of "Mabuhay ang bagong Kasal," and "Congratlations!" tell Allan, " Kiss, kiss the bride."

And Allan, hugs his beautiful Michelle, kiss her, and the couple walked arm in arm down the aisle, with the crowd, clapping hard in joy, and the newly wed Michlles cut a cake and fed Allan and Allan fed Michelle.

And the attendees joined them for cake, food and drinks.

After the wedding ceremony, the "new couple" thank everyone for witnessing their renewal vows.

Who brought the idea too renew their vows.

Is it the bride or the groom?

"We both thought about it," said Allan. smiling.

"We are not getting younger and I told Allan, I want to wed him again and he said, 'Yes, yes.' ... kaya eto, nagpakasal uli kami, kasama ang aming mga anak sa kasalang ito, at sa mga relatives, mga kaibigan, maraming-maraming salamat po sa inyong pagdalo," Michelle said.

Jessica shared the idea of renewal of marriage vows to her friends who helped the ceremony happened.

The maid of honors was: Maryknoll Bautista.

The best man was Louie Cadiz who was happy to do it.

The sponsors were Elsa Bacolod, proxy for Marcelina Magtibay, Anita Chavez, Elena Atienza, Nestor and Carol Malabag, Ariel and Betty Moya, Danny Legaspi and Violy Legaspi, Warren & Josie Falla, who all likewise agreed happily.

All other participants in the ceremony felt it was a privilege to be part and witnesses to their renewal of vows.

The priest who officiated the ceremony said it was his pleasure to see the Cadi couple pledged their endless love that day.

Allan was 23 year old when he wedded Jessica the first time; and Jessica was 20 year-old when she said "I do" to her awesome husband in 2001.

They met in Februay 14, 1997 became friends and sweethearts in 2001.

Allan was born and raised in Mindoro, while Jessica grew up in Manila.

Allan served as a seaman for 15 years and retired in 2020 and put up their own business, the AWS Affejen Water Purifier Installation services, better known as Alffejen Water Services and Jessica worked as a nurse and then worked in some businesses and put up her beauty and wellness clinic in Tanza, Cavite.

Allan and Michelle, told BANTAYBALITA that this wonderful marriage ceremony the second time will be remmbered by them as the most special occasion for as long as they both shall live.

Mabuhay ang "Bagong Kasal!

# SIM CARD Registration, nagsimula na!

**PHILIPPINE Information Agency-Calabarzon** – Karagdagang impormasyon ukol sa implementasyon ng SIM Card Registration na nakasaad sa Republic Act 11934 o ang Subscriber Identity Module Registration Act.

Layon ng batas na mabawasan ang mga krimen na ginagawa gamit ang mga SIM card kagaya ng text scams, cybercrimes, terorismo, at iba pa.

May 180 araw mula ngayong Disyembre 27 ang mga subscribers para i-register nang libre ang kanilang SIM card sa webpage na inihanda ng mga telco.

For Smart/TNT/Sun users:

For Globe/TM/Gomo users:


For DITO users: link

Kaya't SIM Reg na para mas safe ka!

#SimRegNaTayo


#ExplainExplainExplain **(RUEL Francisco-PIA-Cavite)**


















# 1-M bahay, bawat taon para sa mahihirap

**ni LIZA FE BONETE –** Isang milyong bahay bawat taon ang target na maitayo sa programag Pambansang Pabahay ni Presidente Bongbong Marcos Jr.

Anim (6) na milyong bahay ito kung mabilis na magagawa na sinimulan sa pagsisimula ng pagtatayo ng Palayan City Township Housing Project sa Nueva Ecija, Miyerkoles, Dis. 21.

Ayon sa Pangulo, kung magagawa ito, malulutas ang malaking problema ng kakulangan ng bahay ng maraming mahihirap na pamilyang Pilipino.

Target ng Department of Human Settlements and Urban Development (DHSUD) na sa 2028 ay maitayo ang anim (6) na milyong bahay sa pagtatapos ng termino ni Marcos.

Sa kanyang mensahe, nagbilin ang Pangulo sa mga pinunong opisyal ng mga lalawigan, siyudad at munisipalidad na tumulong sa DHSUD na makahanap ng lupang paghtatayuan ng murang pabahay.

Sinabi ng Pangulo sa Abril 2023, mahigit sa 5,100 pabahay ang itatayo sa 11-hectare Palayan City Township Housing Project.

# PBBM vetoes...

from page 1

DoLE to use its income.

The subject income "already forms part of the revenue and financing sources" of the 2023 national expenditure plan, the President said.

PD 1445 stated that " income accruing to the agencies by virtue of the provisions of the law, orders, and regulations shall be deposited in the National Treasury or in any duly authorized government depository and shall accrue to the unappropriated surplus of the General Fund of the government."

"Further, Section 66 of PD No. 1445 and Section 45, Chapter 5, Book VI of EO No. 292 prescribe that receipts shall be recorded as income of Special, Fiduciary or Trust Funds or Funds other than the General Fund only when authorized by law," the presidential veto read.

It added that the National Labor Relations Commission (NLRC) as an attached agency of DoLE is not granted authority to use its income under existing laws and that "Further, the funding requirements for the operations of the NLRC are already fully provided under its budget under this Act."

Also rule against are the provisions authorizing the Office of the Secretary of both the DepEd and the DoT to establish a revolving fund and prohibit the use of funds to change the tourism campaign slogan, respectively.

PBBM stated there is no law authorizing DepEd to establish a revolving fund for the "DepEd TV" program.

The Office of DepED Secretary said that "we respect the decision of the President."

The President also vetoed the provision "in no case shall the appropriations be utilized to change the tourism campaign slogan" under Department of Tourism-OSEC, Special Provision No. 4 ..."

The General Appropriations Act (GAA) is 4.9 percent higher than the 2022 budget.

# Sobra o kulang...

mula sa p.1

Estado at ng hukuman, sabi pa sa desisyon ng SC.

Sa desisyong ito, binaligtad ng SC ang desisyon noong 2014 ng Court of Appeals na pinagtitibay ang pagtunaw sa kasal na inihatol ng isang korte noong 2011.

Ang desisyon ng CA at ng mababang hukuman ay tinutulan ng Office of Solicitor General na sinabing walang matibay na basihan ang dahilang "psychological incapacity" ng lalaki batay sa Article 36 of the Family Code.

Nagkaroon ng tatlong anak ang mag-asawa, ayon sa rekord ng hukuman -- na sa unang mga taon, nabatid na naging masaya, maluwalhati at punumpuno ng pagmamahalan, gayonman nang lumaon ay naging maasim at mapait.

Sa reklamo ng lalaki, sinabi nito na lagi siyang pinagmamadali ng asawa na makatapos at wala na siyang nararamdamang tamis at sarap ang kanilang pagtatalik.

# Citizen Digong has full faith and confidence in Bongbong

**by LIZA FE BONETE –** Former President Rodrigo Duterte in a television interview Friday, Dec. 23 said had express satisfaction with how his successor, President Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr. is governing the country.

Duterte who now calls himself as Citizen Digong said: ""We have to support the President, and we have to support his program of law and order."

"But I hope soon," 77-year-old Citizen Digong said in his interview with spiritual adviser Pastor Apollo Quiboloy over SMNI, " he (Marcos) has to take the bull by the horns.

In saying this, Lolo Digong was implying that the President should be tough against those committing heinous crimes against the Filipino people.

Enjoying his life as a caring 'lolo' to his grandchildren in Davao City, the former president was noted for his 'iron fist'



DUTERTE



MARCOS

against drug traffickers, rapist, kidnappers, rebels and to all those trying to topple the government.

Citizen Duterte further said that he has full faith and confidence to Marcos and rallied the public to give full support to his administration.

"I have full faith and confidence in our president. And those pessimistic, or the guys who do not say anything good in government, you are there just ... I'm sorry for you," Duterte stated.

His wish for every Filipino family "to be at least happy."

Citizen Digong, expressed that " If you're not happy for one reason or another, that maybe you can look at this season as something more on [having] contentment."

**EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE ROSALINO FABIAN FRANCISCO AND PURIDAD IGNACIO DE GUZMAN**

NOTICE is hereby given that the estate of the late spouses **ROSALINO FABIAN FRANCISCO,** who died on April 05, 1977 at Quezon City, Philippines and **PURIDAD IGNACIO DE GUZMAN,** who died on April 22, 2001 at the City of Las Piñas, Philippines, died intestate, without Will or testament and without any outstanding debts in favor of any person to entity, left a certain parcel of land situated in the Barrio of Maliksi, Municipality of Bacoor, Province of Cavite containing an area of Two Hundred Forty-Two square meters (242sqm.) covered by (New) ORIGINAL CERTIFICATE OF TITLE NO- OCT-0000010, was Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Elpidio M. Paligutan, under Doc. No. 278, Page No. 57, Book No. XXI, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**DECEMBER 12, 19 & 26, 2022**

**EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE EDWIN UMALI RIVERA**

NOTICE is hereby given that the estate of the late **EDWIN UMALI RIVERA,** who died on May 11, 2017 at Paris died intestate without Will or Testament, and without any outstanding debts in favor of any person or entity, left a parcel of land covered by Transfer Certificate of Title No. T-68656 located at La Trinidad Subd., Cabuco, Trece Martires City, Cavite measuring SEVENTY FIVE (75) SQUARE METERS more or less, was Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Elpidio M. Paligutan, under Doc. No. 431, Page No. 88, Book No. XXII, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**DECEMBER 26, 2022, JANUARY 2 & 9, 2023**

**DEED OF EXTRAJUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE**

NOTICE is hereby given that the estate of the late **KENNETH M. PARRA,** who died on November 24, 2022 at Gentri Medical and Hospital died intestate without leaving any last will or Testament, and without any outstanding debts, left a Bank Account maintain with BDO Unibank, Inc. branch of Tagaytay Mendez Junction Branch, in the amount of fifty-one thousand eight hundred twenty-six pesos and eighty-eight centavos only (Php 51,826.88), was Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Valentin C. Guanio, under Doc. No. 310, Page No. 63, Book No. CCIV, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**DECEMBER 26, 2022, JANUARY 2 & 9, 2023**



Nagmamano si Mayor Dennis Glean kay Lola Victoria Incognito ng Brgy. Kamias matapos ipagkaloob ang P30,000 sa pagsapit ng kanyang ika-100 kaarawan nitong Dis. 12, 2022.

Ang halaga ay kaloob ng pamahalaang lokal ng Gen. Aguinaldo-Bailen kay Lola Victoria, kasama ang anim pang residente na umabot sa edad 90-anyos at higit pa na binigyan ng tig-P6,000 bawat isa.

Ayon sa Republic Act 10868 (Centenarian Act of 2016), ang isang mamamayang Pilipino na pinalad na umabot sa kanyang ika-100 kaarawan ay bibigyan ng insentibong P100,000 mula sa gobyerno at ang lokal na pamahalaan, ayon sa kanilang ordinansa ay magkakaloob ng halagang P30,000.

# Pamaskong aginaldo, tradisyong di kaliligtaan ni Mayor Glean

**ni GENE TAPARAN TAN –** Tuwing mismong araw ng Pasko, hindi nakalimutan ni Gen. Aguinaldo Mayor Dennis Glean na mamigay ng mga laruan, payong, wallet, bags at iba pang pamasko sa mga kababayan niya.

Sa kanyang Facebook post, sinabi ng alkalde na bago pa man siya naging lingkodbayan, tradisyon ng kanyang pamilya ang mamigay aginaldong pamasko.

" Naaalala ko noong kami ay nakatira pa sa Pob. 3, kaunti pa lamang ang aming napapamigay ngunit ang saya na makapagregalo sa kapwa ay walang katumbas," sabi ni Mayor Glean.

Aniya pa, sana kahit paano, sa ipinamigay na munting regalo, ay napangiti niya ang puso ng mga kababayan.

Alalahanin natin, sabi ni Mayor Dennis, na ang tunay na dahilan ng Kapasukuhan ay ang pagbibigayan sa kapwa.



*Mano po, Mayor: namigay ng laruan at iba pang pamasko si Mayor Glean sa mga bata na tradisyon na ng kanyang pamilya, maging noong hindi pa siya alkalde.*



*Pili na kayo ng gusto nyong laruan, mga bata.*

Sa FB post, pinasalamatan ng alkalde ang mga taong nakiisa sa tradisyong pamimigay ng pamasko na tumulong sa pagbabalot at pamimigay ng mga regalo.

"Mula, sa aming pamilya tungo sa inyo, Maligayang Pasko at Manigong Bagong Taon!," sabi ni Mayor Glean.

# Mayor urged kababayan to be on guard vs Covid-19

**BANTAYBALITA Staff –** Mayor Umbe Arca is reminding Maragondon citizens and their visitors to be always on one's guard against the coronavirus disease during the holiday festivities.

"Let's continue observing the minimum health protocols, ... at 'yung hindi pa nababakunahan, magpabakuna na," the mayor said.

Mayor Arca reminded the residents to be aware of their safety and reminded to stay healthy.

When going to public places like hospitals, clinics and other crowded places, Mayor Arca advised his constituents to still wear masks to avoid the transmission of the deadly coronavirus.

"I-practice pa rin natin ang physical distancing kung siksikan at crowded ang inyong lugar na pinupuntahan. Iwasan natin ang malalakas na paputok, lalo na sa Bagong Taon ," said the mayor.



*Iwas po tayo sa paputok, iba po ang ligtas ngayon New year: Mayor Umbe Arca*

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 13 10.00 DEC. 26, 2022 - JAN. 1, 2023

# $23.6-B investment pledges nakuha ni PBBM



## THE PUBLISHER

**by Henry E. CAOILE**

HAPPY holidays, dear patrons, sponsors, advertisers, prospective partners and of course our readers who religiously followed BantayBalita since our maiden issue up to this 13th issue.

We wish you all a peaceful, safe and festive celebrations.

Sana po, magpatuloy kayo sa inyongsuporta sa amin, matapang at matatag nating harapin ang mga pagsubok, opo, sa patnubay ng ating Amang Diyos.

@@@

Ayon sa report ng Department of Trade, nakatanggap ng $23.6-billion 'investment' pledges' si President Bongbong Marcos Jr. mula sa nakamiting na investors mula sa mga dinaluhang official and business conference sa Singapore, Indonesia, Thailand. Camodia at US.

Pledges, ibig sabihin, pangakong investment mula sa mga bilyonaryong negosyante sa mga bansang binisita ng ating Pangulo, at sana, hindi ito tulad ng pledges o mga pangako ng mga politiko - na madaling sabihin, pero hirap na hirap o ayaw na tuparin.

Anyway, puno tayo ng pag-asa at suporta sa ating gobyerno. lalo na kung mangyayari nga ang matupad ang pledges na ito na tiyak, lilikha ng maraming job opportunities sa ating mga kababayan.

Kung may trabaho, gaganda ang buhay ng milyon-miyong pamilyang Pilipino, at magiging maayos ang kabuhayan natin sa 2023.

Magtiwala lang tayo, manalig, manalangin: mangyari nawa ang lahat ng inaasahan nating pagbangon ng ekonomya ng minamahal nating Pilipinas.

@@@

RO, sister, lolo, lola, kayo po ba ay senior citizen, 60-anyos o higit pa ang edad, OSCA registered member at may iba pang dokumento na nagpapatunay -- na tinanggihan na bigyan ng 20 discount sa restoran?

O kaya ay tinanggihang bigyan ng diskuwento sa panonood ng sine, pamasahe sa public utility vehicles, hotels o kahit anong entertainment establishment?

Sa kabila na nagpakita kayo ng inyong OSCA ID o iba pang government issued ID na nakalagay roon ang inyong edad na patunay na kayo ay entitled sa pribilehiyo, maaari kayong magreklamo sa inyong local OSCA office o sa DSWD.

Ayon sa ating kaibigang attorney, mabigat ang parusa sa tatanggi, lalabag sa mga probisyon ng Republic Act (RA) 7432 na inamendahan pa ng RA 9994 (Expanded Senior Citizens Act of 2010).

Two years up to six years na pagkakulong ang parusa sa mga taong lalabag sa Sec. 10 ng RA 7432 at may multa pa na mula P50K o higit pa, pero hindi lalampas sa Php100K -- na parusa sa unang violation.

Ayon pa sa batas, kung ulitin ang pagsuway, dalawang taon o hanggang anim na taon ang imprisonment, at mula sa dating Php100K na multa, ito ay pwedeng itaas pa na hindi lalampas sa Php200K.

E kung hindi naman senior citizen, at ginamit ang OSCA ID ng isang tao nang walang pahintulot o hindi kasama ng senior at inabuso ang pribilehiyo, may parusa ba?

Kasi, may isang barangay kagawad sa Bacoor City na notorious sa ganitong bisyo.

Parusang pagkakulong nang hindi lalampas sa anim (6) na buwan at multa na mula Php50K o higit pa, pero hindi lalampas sa Php100K.

Sabi ni Atty, ingatan ang resibo ng binayarang pagkain na walang Sr. Citizen discount, tandaan ang petsa kung kailan at saan nangyari ang paglabag o kaya kuhanan ng litrato o video ang paglabag.

Pwedeng magreklamo sa inyong local OSCA o DSWD officer o kaya magpunta sa opis ng Pubic Attorney's Office (PAO) para tulungan kayong magharap ng kaso sa piskalya.

Paano kung foreigner ang nag-violate, sabi sa batas, matapos na matapos ang pagkakulong ay agad-agad na idedeport sa kanyang bansa.

At ang negosyong ayaw magbigay ng discount, ireklamo nyo sa local Business License and Permit Office para maaksiyonan at maisarado o masuspinde ang business permit.

Kung hindi busy ay konting research lang o patulong kayo sa inyong kasama sa bahay at alamin ang iba pang provision sa batas na nagbibigay proteksiyon sa inyo pong minamahal naming lolo, lola at mga seniors.

@@@

Paalaala: iwas na sa pagpapaputok ng rebentador sa New Year, kasi mahirap na sa 2023, kulang ang inyong mga daliri, o kaya nasugatan kayo, o 'wag nawa, mabulag ang mga mata dahil sa aksidente.

Pinagmumulan din ng sunog ang firecrackers, gumamit na lang ng torotot, kalantugin ang mga takip ng kaldero o magpatugtog na nang malakas na musika sa pagsalubong sa bagong taon, 2023.

Magdiwang nang ligtas, at mabuhay tayong lahat.